

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 7, 2020

Pakikipag-ugnay: Larry Rich, Sustainability Coordinator, Opisina ng Sustainability, 562.570.5839, Larry.Rich@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inilunsad ng Long Beach ang “Tree Yourself” Online Tool

Ang Website ay Nag-aalok ng Mga Tip at Tumutulong sa Mga Residente na Pumili ng mga Puno

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naglunsad ng [Tree Yourself](#), isang online tool na tumutulong sa mga residente na pumili at magtanim ng mga puno sa kanilang bakuran o parkway. Ang Opisina ng Sustainability ay lumikha ng bagong pahina ng web bilang isang one-stop na mapagkukunan para sa lahat ng mga bagay na kagubatan sa lungsod, kasama ang sunod-sunod na mga tagubilin para sa pagtanim at pag-aalaga ng mga batang puno.

“Ang pagtanim ng mga puno ay tumutulong sa pagbuo ng aming mahalagang canopy ng puno sa Long Beach,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Sa pamamagitan ng paggawa ng mas madaling paraan para sa mga residente na makahanap ng tamang puno para sa kanilang bakuran, maaari nating pagbutihin ang kalidad ng hangin, dagdagan ang mga halaga sa bahay at lumikha ng mas maraming lilim na nagpapanatili ng lamig para sa atin sa mga araw na pinaka mainit.”

Maaaring ilagay ng mga residente ang kanilang mga kagustuhan sa pagsusulit sa pagpili ng puno upang makatanggap ng isang listahan ng mga iminungkahing puno na maaaring maging nararapat sa kanilang bakuran o parkway.

“Inaasahan namin na ang mga kampanyang ito ay nagbibigay inspirasyon sa mga residente na magtanim ng mas maraming puno,” sabi ng Coordinator ng Sustainability na si Larry Rich. “Ang mga puno ay nagbibigay ng napakaraming mga benepisyo sa ating lungsod pagdating sa paglaban ng pagbabago ng klima at ang mga epekto nito tulad ng pagtaas ng init sa lungsod. Ang mga residente ay maaaring makagawa ng

malaking epekto kung ang lahat ng maaaring makapagtanim ay magtatanim ng isang puno.”

Ang Opisina ng Sustainability ay magpapatuloy ng mga [Programa Pagtatanim ng Puno ng Prutas at Puno sa Kalye](#) upang magbigay ng libreng mga puno sa mga residente ng Long Beach. Tinitiyak ng mga programang ito na magagamit ang mga mapagkukunan upang mapalago ang kagubatan sa Lungsod sa lahat ng mga kapitbahayan ng Long Beach.

Ang paglulunsad ng bagong tool kasabay ng Clean Air Day, na taunang ipinagdiriwang sa unang Miyerkules ng Oktubre. Ang California Clean Air Day ay binuo sa ideya na ang pagbabahagi ng mga karanasan ay pinagkakaisa ang mga tao sa pagkilos upang mapabuti ang kalusugan ng aming komunidad. Hinihikayat ang mga residente na ibahagi ang kanilang mga litrato ng bagong itinanim na mga puno sa kanilang social media gamit ang hashtag na #treeyourself.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Libangan at Marina, Mga Serbisyong Pagpapaunlad at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov>.

Tungkol sa Opisina ng Sustainability

Nagtatrabaho ang Opisina ng Sustainability ng Lungsod ng Long Beach upang lumikha ng isang sustainable na komunidad sa pamamagitan ng pagtatawag ng pansin sa mga indibidwal, kapitbahayan, at gobyerno upang mabawasan ang aming epekto sa kapaligiran at protektahan

ang aming mga lokal na natural na mapagkukunan. Ang aming misyon ay upang makapagbigay ng mga patakaran at programa na isusulong ang pangangasiwa sa kapaligiran, suportahan ang mga kasanayan sa lokal na pagpapanatili, at lumikha ng isang mas kaaya-aya at matatag na Long Beach. Karagdagang impormasyon ay mahahanap sa www.lbsustainability.com at sundan kami sa [Facebook](#) at [Instagram @lbsustainability](#).

###